Ang kalatas at impormasyong ito ay binuo at muling inilimbag ng Guinayangan Water District (GWD) - Gender and Development (GAD) Focal Point System bilang pakikiisa sa pagdiriwang ng National Women's Month ngayong taong 2018.

**GWD – GAD Focal Point System**
established under Memorandum Order No. 02-2017
approved under BOD Resolution No. 13-2017 dated February 9, 2017

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| **GFPS Chairperson** | - | Head of Agency/General Manager | - | Carmelo Alejandro C. Pujalte |
| **Executive Committee (ExeCom):** | | | | |
| Chairperson | - | BOD Member – Women Sector | - | Purificacion G. Seguerra |
| Members: | - | BOD Chairperson | - | Arnulfo P. Quisto |
| | | BOD Vice Chairperson | - | Pacita R. Baylon |
| | | BOD Secretary | - | Conrado L. Tupas |
| | | BOD Member | - | Raisa B. Macalintal |
| Secretariat | - | Secretary to the Board | - | Domingo S. Laduan |
| **Technical Working Group (TWG):** | | | | |
| Chairperson | - | HR/Admin. Services Asst. A | - | Ma. Villa E. Valencia |
| Members: | - | Division/Section Head – AFCS | - | Emilia A. Mendoza |
| | | Division/Section Head – OMS | - | Pedro C. Rico |
| Alternate Members: | - | AFCS – Customer Service Asst. D | - | Benedict Y. Lomarquez |
| | | OMS – Water Maintenance Man B | - | Juan Virgilio O. Cambronero |
| Secretariat | - | Cashiering Assistant | - | Maria A. Origenes |



BAWAT PATAK NG TUBIG AY
MAHALAGA,
HUWAG MAG-AKSAYA

Nasa panahon na po tayo ng tag-init at ipinananawagan po namin ang pagtitipid ng tubig sapagkat unti-unti na po nating mararanasan at mapapansin ang paghina ng reserba ng tubig sa ating mga pinagkukuhaang bukal kaalinsabay ng pagdalang ng pagpatak ng ulan, kung kaya't humihina na din ang daloy nito papunta sa ating mga kabahayan at muli'y maaring magdulot ng paglimita sa pagdaloy nito sa ilang oras lamang.

Para po sa inyong mga katanungan, suhestyon, reklamo, komentaryo at pagrereport ng sirang linya ng tubig, mangyaring tumawag o magtext sa mga numerong ito:

| | | | |
|---|---|---|---|
| Landline | - (042) 717-6027 | GLOBE | - 09173370538 |
| SMART | - 09282443768 | SUN | - 09424525167 |

30 YEARS ANNIVERSARY
Aug 2017 – Aug. 2018



Guinayangan Water District
joins the nation in celebrating
National Women's Month 2018

**Theme:** We Make Change Work for Women

*National Women's Month Celebration*

**March 1 – 31, 2018**



**PASIMULA**

Ang pagdiriwang ng **Pambansang Buwan ng Kababaihan** tuwing Marso ay bahagi ng paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Kababaihan na ipinagdiriwang tuwing Ika-8 ng Marso bawat taon.

Sa Pilipinas, ang pantaunang pagdiriwang na ito ay legal nababatay sa mga itinatadhana ng mga sumusunod na batas:

**Proklamasyon Blg. 224 (t. 1988)** – nagtatakda sa Unang Linggo ng Buwan ng Marso bawat taon bilang Linggo ng mga Kababaihan at ang ika-8 araw ng Marso bilang Pandaigdigang Araw ng Kapayapaan at Karapatan ng Kababaihan.

**Proklamasyon Blg. 227 (t. 1988)** – nagtatadhana sa Buwan ng Marso bilang Buwan ng paggunita sa ginampanan ng mga Kababaihan sa Kasaysayan

**Batas Republika Blg. 6949 (t. 1990)** o ang tinatawag na Magna Carta of Women – nagtatakda sa ika-8 araw ng Marso bilang Pambansang Araw ng mga Kababaihan

**TEMA NG PAGDIRIWANG PARA SA TAONG 2018**

Sa kaniyang unang *State of the Nation Address* (SONA), ipinag-utos ni Pangulong Rodrigo Duterte sa lahat ng Ahensiya ng Gobyerno kasama maging ang mga Lokal na Pamahalaan hanggang sa lebel ng mga Barangay ang tahasang pagpapatupad sa "*Magna Carta of Women"* upang masiguro na ang bawat kalalakihan at kababaihan ay magiging magkatuwang sa pag-ugit ng pang-ekonomiya, pangsibil, pangkultura at pampulitakang kaunlaran ng bansa. Ito ay batay na rin sa adhikain ng bagong administrasyon para sa "Malasakit at Pagbabago".

Para sa taong 2017-2022, ang Temang itinakda para sa paggunita sa Buwan ng Kababaihan ay "*We Make Change Work For Women*". Binibigyang diin sa temang ito na dapat ang mga kababaihan ay silang maging aktibong tagapasimula ng positibong pagbabago at dapat ring sila ang unang nakikinabang sa mga pagpapanibagong ito. Malaki ang posibilidad na makakamit ito sa pamamagitan ng pagbibigay kapangyarihan sa kababaihan o "*Women Empowerment*". Ang pagbibigay kapangyarihan sa mga kababaihan ay magbubunsod sa kanila na magtiwala at makabuluhang isangkot ang sarili sa mga adhikain ng iba't-ibang institusyong panggobyerno upang masiguro na makakapag-ambag sila at makikinabang sa pag-unlad na idudulot ng mga pagbabagong magaganap. Makakatulong din ito upang maitatag ang isang gumaganang mekanismo sa malawakang pagpapalaganap ng mga programa at serbisyong tumutugon sa pangangailangan ng mga kababaihan.

Ang Guinayangan Water District (GWD) ay lubusang nakikiisa sa pagdiriwang na ito ng Buwan ng Kababaihan. Ang makapaghatid ng mga inpormasyon hinggil sa karapatang pangkakabaihan ayon sa itinatadhana sa "*Magna Carta of Women*" ay isa sa mga gawaing nakahanay sa pagdiriwang ng okasyong ito. Ninanais ng GWD na maihatid sa kaalaman ng mga nasasakupan ng serbisyo nito na kilalanin, igalang at ipaglaban ang mga karapatang pangkakabaihan para sa maayos nilang pamumuhay saanmang lugar.

## MGA KARAPATAN NG KABABAIHAN AYON SA MAGNA CARTA OF WOMEN (RA 6949)

Kinikilala, iginagalang at itinataguyod ng Magna Carta ang lahat ng karapatang pangkababaihan – panlipunan, pang-ekonomiya, pulitikal, kultural at sibil – sang-ayon sa Konstitusyon ng Pilipinas at iba pang mga batas at instrumentong nangangalaga sa kapakanan ng bawat mamamayan. Kabilang dito ang mga sumusunod:

- ✓ proteksiyon laban sa lahat ng uri at anyo ng pang-aabuso at karahasang pisikal, sekswal, emosyonal, at mental kabilang ang pananakot, pambubugbog, panggagahasa, prostitusyon, "human trafficking" at gayundin sa mga karahasang nagagawa ng Estado
- ✓ proteksiyon lalo't higit sa panahon ng sakuna, kalamidad, at anumang uri ng krisis
- ✓ pantay na representasyon at partisipasyon sa pulitika at pamamahala
- ✓ pantay na pagturing ng batas
- ✓ pantay na pagkakataong magkamit ng edukasyon, iskolarship at pagsasanay
- ✓ pantay na partisipasyon at representasyon sa larangang pampalakasan
- ✓ walang pagturing ng anumang diskriminasyon sa pagpasok sa ahensiya ng militar, pulisya at iba pang katulad nitong mga serbisyo
- ✓ walang pagdiskrimina at mapanirang paglalarawan sa mga kababaihan sa lahat ng uri ng "media" at pelikula bagkus ay pagpapalaganap sa kamalayan ng madla ang pagkilala sa dignidad ng kababaihan at sa makabuluhang gampanin nila sa pamilya at komunidad
- ✓ komprehensibong serbisyong pangkalusugan
- ✓ benepisyo ng dalawang (2) buwan na pamamahinga sa trabaho ng may bayad para sa lahat ng kababaihang dumaan sa operasyon sanhi ng mga ginekologikong karamdaman
- ✓ pantay na karapatan sa anumang bagay na may kaugnayan sa pakikipagrelasyong pang mag-asawa at pampamilya

Ang "*Magna Carta of Women*" ay gumagarantiya din sa lahat ng karapatang sibil, pulitikal at pang-ekonomiya ng lahat kababaihang nabibilang sa "*marginalized sector*" partikular ang kanilang karapatan sa:

- ✓ kasiguruhan sa pagkain at sa produksiyon nito
- ✓ pantay na karapatan sa pagpapatitulo ng lupa at sa pagtanggap ng kasunduan sa pamamahala at patente
- ✓ magkaroon ng *"access"* sa ligtas at abot-kayang pabahay sa sariling lugar
- ✓ magkaroon ng hanapbuhay, gawaing pangkabuhayan at *"access"* sa pautang at kapital
- ✓ representasyon at partisipasyon sa mga lupon na gumagawa ng polisiya at pagdedesisyon maging sa lokal, rehiyonal, nasyonal o internasyonal man
- ✓ *Access* sa impormasyon hinggil sa mga programa, proyekto at polisiyang pangkababaihan
- ✓ proteksyong panlipunan
- ✓ pagkilala at pagpapanatili sa kultural na pagkakakilanlan at integredad
- ✓ pakikisangkot sa diskusyon hinggil sa kapayapaan at kaunlaran
- ✓ serbisyo para sa kababaihang nasa mahirap at espesyal na kalalagayan
- ✓ proteksiyon para sa kabataang babae laban sa anumang uri ng diskriminisasyon sa pag-aaral, kalusugan, nutrisyon at pagpapaunlad ng kakayahan
- ✓ proteksiyon para sa mga nakatatandang kababaihan

Responsibilidad ng Pamahalaan na sugpuin ang pang-aabuso at karahasan na dinaranas ng maraming kababaihan, gumawa ng mga nararapat na hakbang upang maiwasan ang lahat ng ito, tulungan ang mga biktima tungo sa kanilang paggaling (ng katawang pisikal at ng kalooban) at sa pagkakamit ng mabilis na hustisya.